

Ipis

May ipis sa kusina.
Gumapang ito sa sahig.
Nakita ito ni Nanay. Tinaboy
niya ang ipis. Naging
malinis muli ang kusina.

Mga Tanong:

1. Saan may ipis?
2. Ano ang ginawa ng ipis?
3. Sino ang nakakita sa ipis?
4. Ano ang ginawa ni Nanay?

Ms. Oli

Langgam

May mga langgam sa mesa. May dala silang mumo ng tinapay. Sabay-sabay silang naglakad. Pinagmasdan sila ni Tom. Nilinis niya ang mesa.

Mga Tanong:

1. Saan may mga langgam?
2. Ano ang dala nito?
3. Sino ang nagmasid sa kanila?
4. Ano ang ginawa ni Tom?

Ms. Oli

Lamok

May lamok sa kwarto.
Umiikot ito sa gabi. Kinagat
nito si Lisa. Nangati ang
kanyang balat. Tinaboy niya
ang mga lamok.

Mga Tanong:

1. Saan may lamok?
2. Kailan umiikot ang lamok?
3. Sino ang kinagat?
4. Ano ang ginawa ni Lisa?

Ms. Oli

Langaw

May langaw sa ibabaw ng pagkain. Lumipad ito sa mesa. Nakita ito ni Tatay. Tinakpan niya ang ulam. Naging ligtas ang pagkain.

Mga Tanong:

1. Saan may langaw?
2. Ano ang ginawa ng langaw?
3. Sino ang nakakita sa langaw?
4. Ano ang ginawa ni Tatay?

Ms. Oli

Gamu-gamo

May gamu-gamo sa ilaw.
Paikot-ikot itong lumilipad.
Pinatay ni lolo ang ilaw.
Lumayo ang gamu-gamo.
Naging payapa ang gabi.

Mga Tanong:

1. Saan may gamu-gamo?
2. Ano ang ginagawa ng gamu-gamo?
3. Sino ang nagpatay ng ilaw?
4. Ano ang nangyari sa gamu-gamo?



Ms. Oli

Tipaklong

May tipaklong sa damuhan.
Tumalon ito nang mataas.
Berde ang kulay nito. Nakita
ito ni Pepito. Namangha
siya.

Mga Tanong:

1. Saan may tipaklong?
2. Ano ang ginawa ng tipaklong?
3. Ano ang kulay ng tipaklong?
4. Ano ang naramdaman ni Pepito?

Ms. Oli